**L A V E R D A D C H R I S T I A N S C H O O L**

**LA VERDAD CHRISTIAN SCHOOL INC.**

APALIT PAMPANGA

# ISANG PAGAARAL PATUNGKOL SA PAGPILI NG STRAND SA SENIOR HIGH SCHOOL NA NAAAYON SA SITWASYONG KANILANG KINAKAHARAP. A.Y. 2019-2020

Isang Panukalang Papel – Pananaliksik na Ipinasa kay Bb. Eleonor Colinares


**MGA MANANALIKSIK**

GUTIERREZ, JULIANNE O.
LESCANO, GRACE NADINE G.
PINEDA, JOHN CONRAD
ROA, RUWEN LLOYD S.
SAPELINO, MAXINE R.

# ABSTRAK

PAMAGAT:

# KABANATA I

## ANG SULIRANIN AT SANDIGAN NITO

Sa unang kabanata, makikita ang mga dahilan kung bakit ang wastong pagpili ng strand sa senior high school ang napiling paksa ng mga magsisiyasat sa kanilang pananaliksik, mga suliranin na nakapaloob dito, layunin ng mga mananaliksik, sandigan ng paksa, saklaw at delimitasyon ng buong pagaaral at ang kahalagahan ng mga ito. Ang mithiin ng mga mananaliksik ay makatulong at mabigyan ng solusyon ang nakapaloob na problema.

**Panimula**

Madalas nating marinig ang kasabihan na “Ang edukasyon ang susi sa magandang kinabukasan” na kahit pudpod na sa kagagamit ay patuloy pa ring ginagawang inspirasyon at patuloy na pinanghahawakan upang makamtan ang inaasam-asam na magandang kapalaran. Dala ng kagustuhang tumaas ang kalidad ng edukasyon dito sa pilipinas, napagpasyahang dagdagin ng dalawang taon ang pagaaral o ipatupad ang K12 curriculum.

Nakasulat sa Republic Act 10533 ang pagsusulong ng K to 12 Program at napirmahan ito noong taong 2011, walong taon na ang nakalipas noong naipatupad ang matagal ng pinaplanong pagbabago sa programang pang-Edukasyon ng Department of Education (DEPED) sa Pilipinas. Gamit ang programang mga kanluraning bansa bilang modelo, ang bagong paraan ng pagtuturo ay ang K to 12 Basic Education Program. Maraming miyembro ng Akademiya partikular na ang mga estudyante at mga magulang ang unang tumangi sa pagbabagong ito kahit noon pa lamang iminumungkahi ito. Para sa mga magulang at mga estudyante, dagdag gastos ito dahil tatagal ang ilalagi ng isang bata sa eskwelahan. Para sa mga administrador ng mga paaralan, napakalaki at napakalalim ng kakailanganing reporma at pagsasaliksik para matugunan ang kinakailangan ng K to 12 program. Sa kabila ng mga pagtutol at pag-aagam-agam, naituloy rin ang mahalagang pagbabagong ito sa edukasyon ng bansang Pilipinas.

Ang K to 12 program ay ang pagdaragdag ng dalawang taon sa pagaaral na kung noon ay kinder, anim na taon sa elementarya at apat na taon sa hayskul ay pwede ka nang tumuntong sa kolehiyo, sa K12 program ay dapat ka munang dumaan pa sa dalawang taon sa pagaaral na kung tatawagin ay Senior High School. Ang dalawa pang taon na pamamalagi sa paaralan ay ginawa upang maging handa ang mga estudyante bago magkolehiyo ngunit ang bagong programa na ito’y di na bago sa mga Pilipino, dahil sa impluwensya ng mga banyaga at karanasan ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) kung saan sila’y di pinapayagan mag-trabaho, kahit sila pa’y nakatapos ng kolehiyo, dahil

sa kakulangan ng taon sa pag-aaral at isa rin itong dahilan kung bakit napagdesisyunan ng gobyerno na isulong ang nasabing programa sa ilalim ng pamumuno ng dating Presidente na si Benigno “Ninoy” Aquino III.

Samantala, umani ang balita ng iba’t ibang reaksyon mula sa mga Pilipino, karamihan naman ay naging positibo ang reaksyon ng mga mamamayan na may 71 porsyento na sumusuporta dito mula sa datos na nakuha ng dyaryong “The Standard”. Ngunit, ang natirang 29 porsyento ng datos ay sumasalungat sa nasabing programa sa kadahilanang hindi na kaya ng mga magulang ang dagdagan sa gastusin sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

Sa programang ito, nagkaroon ng mga kurso o “strand” ang mga mag-aaral ng Senior High School. Ang mga kursong ito ay may mga Akademikong Strands tulad ng, Humanities and Social Sciences (HUMSS) na nakalaang strand para sa mga gustong maging abogado, guro, at psychologist, Accountancy and Business Management (ABM) na nakaantabay para sa mga nais magtrabaho bilang Accountant at Businessman/Woman, Science, Technology, Engineering and Mathematics (STEM) para sa mga Engineer, Doktor, at Technologist ng hinaharap, at meron ding General Academic Strand (GAS) na nais palawakin ang kanilang kaalaman sa lahat ng nabanggit na strand. Hindi lang ito ang mga nakapaloob na kurso, mayroon din tayong Technical and Vocational Livelihood strands na nakahalintulad sa mga kurso ng Technical Education and Skills Development

Authority (TESDA), narito ang Culinary Arts (CA) o Cookery, Information and Communications Technology (ICT), Industrial Arts (IA) at Agricultura and Fishery Arts (AFA) strand. Ngunit hindi lang dito nagtatapos ang mga strands, nagkaroon din ng Arts and Design Track at Sports Track ngunit piling eskwelahan lang ang mayroon ng nasabing dalawang track dahil na rin sa kakulangan ng pacilidad at tagapagturo kaya't hindi ganoong napapansin ang mga ito. Para sa karagdagang kaalaman, ang University of Santo Tomas ay nagdagdag ng strand para sa mga future medicine students, ito ay ang Health Allied Strand.

Nagkaroon din ng aptitude test ang Department of Education (DepED) na tinatawag na National Career Assessment Examination (NCAE) na isinasagawa kapag nasa ika-siyam na baitang ka. Ang layunin o mithiin nito ay matulungan ang mga estudyante sa pagpipili ng strand na nakapaloob sa Senior High School.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang hangarin ng pananaliksik na ito ay makapagbahagi ng mga impormasyon o makapagbigay ng mga batayan sa wastong pamamaraan ng pagpili ng strand sa senior high school na naaayon sa sitwasyon. Inaasahang magbahagi ng mga solusyon sa mga sumusunod na suliranin:

1. Ano ang susundin mo kung naiiba ang iyong abilidad sa iyong kagustuhan?

2. Kailangan bang gawing batayan ang nakuhang grado sa junior high

School o ang nakuhang resulta sa national career assessment examination?

3. Tama bang sundin ang kagustuhan ng iyong pamilya o sundin kung ano ang nais ng kaibigan?

4. Ano-ano ang pwedeng gawin o piliin na strand kung hindi pa rin alam ang kukunin na kurso sa kolehiyo?

**Haypotesis**

Ang pamanahong papel na aming gagawin ay inaasahan naming magiging batayan ng mga estudyanteng tutuntong na sa Senior High School at makatutulong ito upang pumili ng mga strand na nakapaloob dito, maaaring maraming iba't ibang pamamaraan ang aming maibabahagi ngunit aming titiyakin na ito'y pinagaralan at walang kinubling datos. Inaasahang makapagbahagi kami ng wastong pamamaraan ng

pagpili nang sa gayon ay hindi sila magsisi sa kanilang tatahakin na strand, amin ding inaasahan na nasa kagustuhan ng estudyante at hilig nito ang dapat maging basehan sa pagkuha ng kurso at hindi dahil sa kagustuhan ng pamilya o impluwensiya ng mga kaibigan o hindi rin dahil sa mga grado o resulta ng National Career Assessment Examination.

**Balangkas Teoretikal**

Ayon kina Peralta, Andaya at Tuguinayo Jr., ang mga pansariling salik sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay ayon sa iyong: Talento, Kasanayan (skills), Hilig, Pagpapahalaga, Katayuang pinansiyal at Mithiin.

Ang Talento ay isang pambihirang biyaya at likas na kakayahang kailangang tuklasin dahil ito ang magsisilbing batayan sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay pagtatapos ng Junior High School (Baitang 10). Ang mga Kasanayang ating tinutukoy ay ang mga bagay kung saan ang isang tao ay mahusay o magaling. Ito ay madalas na iniuugnay sa salitang abilidad, kakayahan (competency) o kahusayan (proficiency). Ang hilig o hobbies ay ang mga paboritong gawain na nagpapasaya sa isang tao dahil gusto at buo ang puso na ibigay ang lahat ng makakaya nang hindi nakakaramdam ng pagod o pagkabagot. Dapat sukatin ang sarili pagdating sa

kasalukuyang katayuang pinansyal na kakayahan ng magulang sa pagpapaaral. Kalakip ng pagkamit ng mithiin sa buhay ay ang pagkakaroon ng matibay na personal na pahayag ng misyon sa buhay.

**Balangkas Konseptwal**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay makapagbigay at makapaglahad ng wastong pamamaraan ng pagpili ng strand.

**INPUT:**

Isang pag-aaral patungkol sa wastong pagpili ng strand sa senior high school na naaayon sa sitwasyong kanilang kinakaharap.

**PROCESS:**

Ang mga mag-sisiyasat ay gumamit ng serbey kwestyuner at nangalap ng impormasyon sa mga estudyanteng nasa ika-sampung baitang at ika- labindalawang baitang na kasalukuyang nag-aaral sa la verdad christian school para sa maayos na pag-aaral.

**OUTPUT:**

Ang nakalap na impormasyon ay aming pagbabasehan sa gagawing pananaliksik.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay patungkol sa tamang pagpili ng strand, ito'y naglalayong makatulong at makapagbigay ng impormasyon na pagbabatayan ng mga sumusunod:

1. **Mag-aaral**

   Ang senior high school ay panibagong yugto sa buhay ng mga kabataan sa panahon ngayon, inilagay ito ng gobyerno sa sistema ng edukasyon ng

pilipinas upang maging handa ang mga mag-aaral sa pagtungtong nila sa kolehiyo. At dahil dito, mahalaga ang pagpili ng bawat isang mag-aaral sa pipiliin nilang strand dahil ito na ang magsisilbi nilang pundasyon pagdating nila sa kolehiyo. Malaki ang maitutulong ng pananaliksik na ito sa mga mag-aaral dahil magsisilbi itong batayan sa kanila kung ano nga ba talaga ang nararapat nilang tahakin na strand sa dalawang taon na idinagdag ng gobyerno na pananatili ng mga estudyante sa Senior High School.

2. **Mga Tagapag-turo**

Malaki ang ginagampanang papel ng mga tagapagturo sa araw-araw na pamumuhay ng mga mag-aaral dahil mas marami ang nagugugol na oras ng mga estudyante sa paaralan. Magagamit nila ang pananaliksik na ito upang mabigyan ng karampatang payo ang kanilang mga mag-aaral sa wastong pagde-desisyon o pagpili sa kanilang pipiliing strand sa Senior High School.

3. **Mga Magulang**

Kung gaano kalaki ang ginagampanang papel ng mga tagapag-turo sa mga mag-aaral, mas higit pa rito ang gampanin ng bawat magulang sa kanilang mga minamahal na anak. Mula sa sinapupunan ng ating ina, hanggang sa paglaki, ang ating mga magulang na ang laging umaalalay sa atin sa bawat hakbang na gagawin natin. Madadagdagan ang kaalaman ng mga

magulang sa pag-gabay sa kanilang mga anak sa pananaliksik na ito dahil ito'y naglalaman ng pagpili ng tamang strand para sa bawat mag-aaral.

4. **Sa mga susunod na mananaliksik**

Para naman sa mga kapwa namin estudyante na gagawa rin ng pananaliksik,

nawa'y magsilbi itong gabay sa inyo upang mas lumawak ang inyong kaalaman para sa inyong gagawing pamanahong papel.

**Saklaw at Limitasyon**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayon at nakapokus lamang sa tamang pagpili ng strand na nakapaloob sa senior high school at pagtutuunan ng pansin ang mga

estudyanteng nagaaral sa La Verdad Christian School partikular na ang mga nasa ika-sampong baitang na mayroong apat na seksyon na siyang aming dahilan kung bakit naisagawa ang pananaliksik na ito, gayundin ang mga estudyanteng nasa Senior High School ay magiging saklaw din ng aming pananaliksik.

Nilimitahan ng mga mananaliksik ang kanilang pagkukuhanan ng datos o impormasyon sa mga estudyanteng malapit ng tumuntong sa Senior High School, gayundin ang mga estudyanteng kasalukuyang nasa departamentong ito na nagaaral sa La Verdad Christian School, ang kanilang pananaw at pamamaraan sa pagpili ng strand ay siyang aming pagbabasehan o gagawing batayan sa aming gagawing pananaliksik.

**Katuturan ng mga Salitang Ginamit**

Ang mga salitang ginamit ng mga mananaliksik ay binigyan ng depinisyon upang mas lalo pang maintindihan ang nilalaman ng pamanahong papel na ito:

**Pamanahong papel –** mas kilala bilang pananaliksik.

**Senior high school –** karagdagang dalawang taon na pag-aaral para sa paghahanda sa kolehiyo.

**Track –** pinaghihiwalay ang pang-akademiko, pang-isport, mga mahilig sa sining, at sa paggamit ng kakayahan.

**Strand –** ang strand ay isang konsepto na sakop ng programang k-12 ng deped kung saan ito ay kukuhanin o maaaring pagpilian ng mga mag-aaral na tutuntong ng senior high school.

**Academic Track** - sa academic track, sakop nito ang mga strand na:

**STEM (Science, Technology, Engineering, and Mathematics) –** isang strand ng academic track na ang pinag-aaralan ay may kaugnayan sa mga kursong enhinyero, narsing, doktor, at siyensiya.

**HUMSS (Humanities and Social Science) -** isang strand ng academic track na ang pinag-aaralan ay may kaugnayan sa mga kursong literatura, abogasya, at patungkol sa mga pagbabalita.

**ABM (Accountacy, Business, and Management)** - isang strand ng academic track na ang pinag-aaralan ay may kaugnayan sa mga kursong accounting at negosyo.

**GAS (General Academic Strand)** – pinag-aaralan ang mga iba't ibang asignatura na may kaugnayan sa apat na track.

\ **TVL (Technical Vocational Livelihood**) – may kaugnayan sa kursong agrikultura, home economics, at kompyuter.

**Arts and Design Track -** isang track na may kaugnayan sa arts o dito pumapasok ang mga estudyanteng mahilig sa musika, pelikula, pagpipinta, pagguguhit, at iba pang ginagamitan ng sining.

**Sports Track –** track na may kaugnayan sa mga isport.

**NCAE (National Career Assessment Examination) –** pagsusulit na nagpapakita ng kakayahan o potensiyal ng isang estudyante sa iba't ibang track.

**KABANATA II**

**Mga Kaugnay na Pagaaral at Literatura**

Ayon sa nakararami, ang edukasyon ang isang bagay na hindi mananakaw ng iba, ito'y isang pribelehiyo na pwede mong ipagmalaki kapag ikaw ay nakapagtapos o nakamit ang inaasam asam mong kurso. Kapag nakapagtapos ka ay makakahanap ka ng trabahong wasto sa kursong iyong kinuha, mabibili mo ang mga bagay na nais mong bilhin at maiaangat mo sa kahirapan ang iyong pamilya.

Ngunit nang dahil sa pag-aaral ng Congressional Commission of Education (EDCOM) noong 1991 na ang kalidad ng ating edukasyon ay patuloy na bumababa sa kadahilanang maraming mga mag-aaral ang hindi umuunlad sa larangan ng akademiya pagkatapos nilang makapagtapos dala na rin ng pagiging iresponsable o di kaya'y walang sapat na kakayahang sa iba't ibang larangan. Napagpasyahang dagdagin ang pamamalagi ng mga estudyante sa paaralan na dating anim na taon sa elementarya, apat sa high school ngayon ang dadagdagan pa ng dalwang taon upang lalo pang mahasa ang mga estudyante at lalo ring lumawak ang kanilang pangunawa sa kursong kanilang kukunin.

Subalit sa pagdagdag ng dalawang taon sa pagaaral, maraming suliraning kahaharapin ito. Hindi lahat kayang gumastos para sa Senior High, lalo pang tatagal ang pamamalagi ng mga estudyante sa paaralan at maraming estudyante ang hindi pa rin sigurado sa strand na kanilang kukunin marahil limitado lang ang kanilang nalalaman patungkol sa mga strand na nakapaloob sa senior high school, nalilito kung ano ba ang susundin, hindi alam kung susundin ba ang kagustuhan ng magulang o sariling nais o di naman kaya'y gawing batayan ang grado o hayaang magpadala sa sariling nais na makamit.

Kasabay ng pagpapatupad ng kurikulum na K to 12 ay siya ring pagkalito at pag-aalinlangan ng mga estudyanteng pumili ng mga strand na nakapaloob sa senior high school dala ng maraming dahilan.

Ayon kay Tess, base sa kaniyang pananaw, ang bagay na dapat nangunguna pagdating sa paggawa ng desisyon ay ang ating espirituwal na bagay dahil ito ay walang hanggan. Sa kadahilanang ang materyal na bagay ay parte ng ating pamumuhay, dapat timbangin ito ng mabuti.

Noong 2014 nagpahayag naman sina Peralta, Andaya, & Tuguinayo Jr. ng kanilang bersyon kung paano pumili ng strand at ayon sa kanila na dapat gawing batayan ang kasanayan, hilig, talento, pagpapahalaga, katayuang pinansiyal at mithiin. Ayon din sa kanila na ang talento ay isang pambihirang biyaya na galing sa poong maykapal at isang angking kakayahang dapat na tukalsin upang ating maging batayan sa ating

pipiliing kurso sa kolehiyo o maaari rin nating gamitin sa pagpili ng strand sa Senior High School.

Tinutukoy ng kasanayan ang mga bagay na kung saan ang isang indibidwal ay may husay at galing na madalas iniuugnay sa mga salitang kakayahan o kahusayan at abilidad. Sinasangguni naman ng salitang hilig ang mga paborito nating gawin na siyang nagpapasaya sa atin dahil iyon ang nais nating gawin o di naman kaya'y kapag atin itong isinasagawa ay hindi tayo nakakaramdam ng pagkabagot o pagod kasabay nito, nagbibigay din sa atin ng aliw. Kanila ring isinalaysay na dapat nating kilalaning mabuti ang sarili natin pagdating sa mga bagay na ito dahil ito ang ating magiging basehan sa mga bagay na ating gagawan ng desisyon. Kasama ng pagkuha ng mga nais natin sa buhay ang pagkakaroon ng matibay na personal na pahayag ng misyon sa buhay.

Ayon naman sa pahayag ni Rivera nong 2008 na ang hilig ng tao ang siyang mananatiling magtutulak para magtrabaho, sa paraan na ito, ang tao ay magtatrabaho ayon sa kagustuhan nito sa isang bagay o gawain dahil hindi sa lahat ng bagay na gawing rason sa pagkamit ng isang trabaho ang pera na kikitain nito na kung kumikita ka ng limpak limpak na salapi na hahantong sa punto na magiging libangan na lang ng isang tao ang pagkamit ng pera ngunit walang saysay ito kung hindi ka naman masaya sa iyong ginagawa.

Iyong pakaisipan ang interes mo sa buhay o ang mga bagay na iyong nais, iyong siyasatin kung saan ka magaling, mga pinahahalagahan, trabahong iyong makukuha, panahon, nilalaman, haba at mga pangangailangan ng kurso, estado sa buhay o pinansiyal na abilidad at kalidad ng edukasyon sa isang unibersidad. Ayan lamang ang dapat na isaisip bago gumawa ng desisyon ayon sa wikihow noong 2014.

**Banyagang Pag-aaral**

Ayon sa isang thesis na isinagawa ng Batch 2018 Graduates of Sungkyunkwan University, ang senior high school strands na inihain ng Pilipinas ay isang matalinong proseso para sa mga estudyante upang sila'y maging handa sa kanilang buhay kolehiyo. Nakasaad dito na ang senior high school na inimplementa sa bansa ay naiiba sakanilang naka-gisnan na sistema ng pag-aaral. Kumpara sakanilang bansa, South Korea, ay wala silang tinatawag na "Senior High School Tracks".

Ang Senior High School ng South Korea at karamihan sa mga ibang bansa, ang kanilang sistema ng edukasyon ay may pare-parehong mga subjects at mga pinagpipiliang subjects. Kaibahan lamang satin ay pipili tayo ng strand na kailangan upang maging handa sa pipilling kurso sa kolehiyo. Marahil man na tayo lamang ang mayroong sistema na ganito, ninais ng mga researchers na ito na sana'y magkaroon din sila ng ganitong sistema tulad ng satin.

Ang mga strand na ating sinusundan sa Senior High School ay sa Pilipinas lamang matatagpuan. Ngunit, ayon sa Rossmoyne Senior High School sa bansang Australia, sila'y nag-ooffer din ng mga courses para maging handa ang kanilang mga estudyante sa kolehiyo.

Ito ay:

1. English

2. Humanities and Social Sciences

3. Health and Physical Education

4. Languages

5. Mathematics

6. Science

7. The Arts

8. Technologies

Datapwat, meron na silang ganito bago pa magpatupad ang gobyerno ng Senior High School sa Pilipinas.

Ang ating sistema ay inihalintulad sa kanilang sistema ngunit hindi lahat, pili lamang ang kanilang mga subjects na pinag-aaralan kada-semestro.

Ayon sa Wikipedia.com , Sa mga bansang alinsunod sa sistemang edukasyon ng Estados Unidos, ang bawat estudanyante'y pipili ng apat na subject o learning area na kanilang pag-aaral sa isang semester.Tatlo hanggang apat na learning areas lamang ang

pwedeng i-apply ng isang mag-aaral upang makatapos ng isang semester at hindi na ito pwede pang lumabis.

Sa dakong Tsina at karatig bansa nito, mayroon din silang academic curriculum tulad ng, Chinese, Mathematics, English, Physics, Chemistry, Biology, Geography, History, Ideology & Political Science, Music, Fine Arts, PE, Technology, Computing. Ang ibang paaralan sa Tsina ay nag-ooffer ng Vocational subjects.

**Ano ang opinion ng mga mag-aaral patungkol sa Senior High School?**

Ayon sa Western Michigan University students, ang Senior High School ay ang “stage of maturity” para sa mga estudyante. Ang sandigan nito’y ang mga natutunang aral upang tayo’y makapaghanda sa ating kinabukasan.

Sa dinadami-dami ng mga teenagers sa mundo na SHS student, marahil tayo’y nakakaramdam ng stress at haggardness upang matapos natin ang isang trabaho, saad ng mga researchers. Dagdag nila na ang pagiging estudyante ay isang napakaliit na panahon kumpara sa magiging buhay mo sa hinaharap.

## PAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang mga nakapaloob sa talatang ito'y mga pamamaraan ukol sa pananaliksik na ito, paglalarawan sa disenyo na ginamit, mga kalahok o populasyon, lugar ng pinagdausan ng pananaliksik, instrumentong ginamit, at mga hakbang sa pagkuha ng datos.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pamanahong papel na naisagawa ay ginamitan ng mga deskriptibong metodolohiya ng pananaliksik. Maraming uri nito subalit ang tanging ginamit naming ay ang "Descriptive Survey Research Design" na gumamit ng kuwestyonaryo (survey questionnaire) nang sa gayon kami'y makalikom ng mga impormasyon patungkol sa aming paksa. Itong aming ginamit na pamamaraan o disenyo ay pinaniniwalaang angkop sa gagawing pamanahong papel sa kadahilanang mapapadali ang pangangalap ng mga datos mula sa mga taong aming pinagtanungan at gagawing basehan sa gagawing pananaliksik.

Aaminin naming na maaaring hindi lahat ay aming mapagtatanungan lalo na't maraming mga estudyante ang maaaring ayaw sagutin ang mga palatanungan na aming ginawa at limitado lamang sa mga nagaaral sa ika-sampong baitang na aming pagtatanungan. Ngunit hindi lamang lahat ay naaayon sa kuwestyonaryo na aming gagawin, amin ding pagaganahin ang aming mga mata upang magobserba at ang aming mga boses upang magsagawa ng mga pakikipanayam sa mga estudyante nang sa gayon dumagdag pa ang makakalap naming datos at impormasyon.

Nakikita ng mga mananaliksik na ang pamamaraang paglalarawan o deskriptibo at paggawa ng palatanungan ang nakikitang mabisang paraan sa pagsagawa ng pamanahong papel na ito dahil makakakalap kami ng mga impormasyon at sa paraan na 'yon malalaman naming ang mga iba't ibang pang-unawa o pananaw ng mga estudyante.

**Respondente**

Aming pinagbasehan ang aming gagawin na pamanahong papel sa pagpili ng mga respondante upang makakalap kami ng maraming impormasyon o datos galing sa kanila at malaman naming kung ano pa ba ang dapat naming malaman patungkol sa kanila.

Ang mga mananaliksik ay nangalap ng mga impormasyon sa mga estudyanteng nasa ika-sampong baitang na nagaaral sa La Verdad Christian School na may apat na seksyon at ang kanilang mga sagot ukol sa aming binigay na palatanungan ang aming gagawing batayan sa gagawing pananaliksik. Nakatitiyak kami na ang mga estudyanteng aming pagtatanungan ay makakapagbigay ng sapat na datos hinggil sa pagaaral na aming gagawin.

| **SEKSYON** | **LALAKI** | **BABAE** | **KABUUAN** |
|---|---|---|---|
| **TITUS** | | | |
| **TIMOTHY** | | | |
| **LUKE** | | | |
| **MARK** | | | |

**Instrumento ng Pananaliksik**

Talatanungan o survey questionnaire ang aming ginamit bilang instrumento sa pagkalap ng mga datos at impormasyon na magagamit sa aming gagawing pag-aaral.

Ang talatanungan na aming isinagawa ay binubuo ng dalawang pangkat, ang isa ay nagbigay kami ng mga ideya kung ano ba ang pinagbasehan nila ng pagpili ng strand at kanilang sasagutin kung sumasang-ayon ba sila sa nasabing sitwasyon. Ang pangalawa naman ay amin silang tinanong tungkol pa rin sa aming paksa upang malaman naming kung ano ba talaga ang persepyon nila sa pagpili ng strand sa senior high school.

Narito ang aming ginawang palatanungan na sasagutin ng mga estudyanteng nasa ika-sampong baitang.

**ISANG PAG-AARAL PATUNGKOL SA PAGPILI NG STRAND SA SENIOR HIGH SCHOOL NA NAAAYON SA SITWASYONG KANILANG KINAKAHARAP**

**Pangalan (opsyonal): ________________________________________**

**Year level: ____________**

**Kasarian:** ☐ Lalaki ☐ Babae

**Direksyon**: Punan ng angkop na impormasyon o datos ng mga kasunod na patlang at lagyan ng tsek ang kahon na tumutugon sa inyong sagot.

**5 – Lubos na Sumasang-ayon**

**4 - Sumasang-ayon**

**3 – Bahagyang Sumasang-ayon**

**2 – Bahagyang Hindi Sumasang-ayon**

**1 – Hindi Sumasang-ayon**

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Ang iyong hilig ay nakakaapekto sa pagpili ng iyong 'strand' na tatahakin. | | | | | |
| 2. Talento, kakayahan at abilidad nabatayan. | | | | | |
| 3. Resulta ng NCAE | | | | | |
| 4. Ang iyong marka ay maaring makaapekto sa pagpili ng iyong 'strand' | | | | | |
| 5. Batay sa nais mong maging paglaki. | | | | | |
| 6. Batay sa madali o mahirap na asignatura | | | | | |
| 7. Ang kurso ng iyong mga kaibgan ay maaring maging kadahilanan sa pagpili ng iyong 'strand' | | | | | |
| 8. Gusto o pili ng inyong mga magulang ang kukuhanin mong 'strand' | | | | | |

- Nakatulong ba ang salik na pinili mo? Bakit?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Positibo ba o negatibo ang dulot nito? Bakit?

- Sa iyong palagay, ano dapat ang tamang pamamaraan ng pagpili ng strand?

**Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos**

Ang mga mananaliksik mismo ang nangalap ng mga datos nang sa gayon lubos naming maunawaan ang pagaaral na aming isinagawa gayundin ang posibilidad sa pagaaral at nang makatiyak na maayos ang kalidad ng ipepresentang datos.

Ginamitan ito ng talatanungan sa pagkolekta ng mga impormasyon nang mapadali ang aming pangangalap. Sisiguraduhin muna na maayos at tama ang nakalap na impormasyon ngunit kung ano lang ang sinagutan ng mga aming respondente ay iyon lamang ang aming gagawing batayan sa aming pamanahong papel.

Ang kabuuang pagaaral ay nagsimula noong unang linggo ng Oktubre hanggang sa huling linggo ng Oktubre, maliit man ang oras na naibigay ngunit sisikapan naman naming maging maayos at maganda ang pamanahong papel na aming ginawa.

Upang amin ding masiguro ang mga nakalap na datos sa talatanungan, magsasagawa rin kami ng pakikipanayam sa kanila partikular na sa mga estudyanteng may magandang pananaw sa aming paksa.

**Istatistikal na Pagsusuri ng mga Datos**

Ang nakalap na datos ng mga mananaliksik ay susuriin ng mabuti upang lalong mapadali ang pagtataya rito. Gagamit ang mga mananaliksik ang serbey o questionnaire at Descriptive Statistical Analysis sa pagkuha ng pursyento at resulta ng pag-aaral at makatutulong din ito upang maipresenta ng maayos ang mga datos sa pamamagitan ng talaan . Ito ang napili ng mga mananaliksik dahil mas madali itong maintindihan ng nakararami dahil ang mga datos na nakuha ng mga mananaliksik ay nakabuod na gamit ang iba’t ibang uri ng talaan katulad ng tsart, graphs o talahanayan Sa pagbuo ng interpretasyon at resulta, pinakamaigi at mabilis na maintindihan para mga mananaliksik ay ang paggamit ng talahanayan at graphs kung gayon ay magiging epektibo ang Descriptive Statistical Analysis sa pag-aaral na ito.